

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5 Nakasusulat ng Iskrip para sa *Radio Broadcasting* at Teleradyo at Nakagagamit ng mga Bagong Natutuhang Salita sa Paggawa ng Sariling Komposisyon



**Filipino– Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Nakasusulat ng Iskrip para sa Radio  
Broadcasting at Teleradyo at Nakagagamit ng mga Bagong Natutuhang Salita  
sa Paggawa ng Sariling Komposisyon  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis-Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

|                      |   |                       |
|----------------------|---|-----------------------|
| <b>Manunulat:</b>    | Rhina D. Chan                                   |                       |
| <b>Editor:</b>       | Omar O. Ty                                      |                       |
| <b>Tagasuri:</b>     | Julito E. Lagrimas                              |                       |
| <b>Tagaguhit:</b>    | Jessil N. Nolasco                               |                       |
| <b>Tagalapat:</b>    | Beatrice A. Olmedo, Argie L. Ty, Niño D. Jacobe |                       |
| <b>Tagapamahala:</b> | Ramir B. Uytico                                 |                       |
|                      | Arnulfo M. Balane                               | Rosemarie Guino       |
|                      | Joy Bihag                                       | Ryan Tiu              |
|                      | Gorgonio G. Diaz Jr.                            | Crista Joy A. Torbila |
|                      | Alex B. Rejuso                                  | Isagani E. Licas      |
|                      | Lucila R. Balondo                               | Elvira R. Ribo        |
|                      | Julito E. Lagrimas                              | Beatrice A. Olmedo    |

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte  
(053) 832-2997

E-mail Address: region8@dep.ed.gov.ph

# **Filipino**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 5**  
**Nakasusulat ng Iskrip para sa**  
***Radio Broadcasting* at Teleradyo**  
**at Nakagagamit ng mga Bagong**  
**Natutuhang Salita sa Paggawa ng**  
**Sariling Komposisyon**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Aralin

1

# Pagsulat ng Iskrip para sa *Radio Broadcasting* at Teleradyo at Paggamit ng mga Bagong Natutuhang Salita sa Paggawa ng Sariling Komposisyon



*Alamin*



Malugod na pagbati kaibigan dahil naitawid mo nang matagumpay ang Modyul 4. Naririto na tayo ngayon sa Modyul 5. Muli, ako si Kokoy ang makakasama mo upang gabayan ka.

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda para sa iyo upang gabayan ka tungo sa isang mabisang pagkatuto. Naglalaman ito ng iba't ibang gawaing pagkatuto sa bagong aralin.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang makasusulat ng iskrip para sa *Radio Broadcasting* at Teleradyo gamit ang mga bagong natutuhang salita.

Nakahanda ka na ba?



## Subukin



Ang sumusunod na gawain ay ang panimulang pagtataya na susukat sa lawak ng iyong kaalaman sa bagong aralin.

### Gawain 1: *Guessing Game*

**Panuto:** Kilalanin at tukuyin kung sinong *news anchor* ang nagsabi ng sumusunod na linya? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- “Di kita tatantanan!”
- “Magandang gabi bayan!”
- “SOCO!”
- “Handa na ba kayo?”
- “Ang buhay ay *weather, weather* lang!”

### Gawain 2

**Panuto:** Basahin at unawain mo ang tinutukoy sa bawat bilang sa **Hanay A**. Hanapin mo ang tamang sagot nito sa **Hanay B**. Isulat ang titik lamang ng iyong napiling sagot sa iyong kuwaderno.

#### A

1. Ito ay isang nakasulat na materyal na nagpapakita ng mga diyalogong binabasa ng tagapagbalita. Mahalaga ito sa pagbabalita upang maging maayos, malinaw, at organisadong maiparating sa mga tagapakinig ang balita.
2. Ito ay isang teknolohiya na pinahihintulutan ang pagpapadala ng mga hudyat sa pamamagitan ng *modulation* ng *electromagnetic waves* na may *frequency* na mas mababa kaysa liwanag

#### B

- a. *broadcaster*
- b. tagapakinig

- |   |                           |
|---|---------------------------|
| 3. Ito ay isang organisasyon o isang tao na naghahatid ng mga programa o impormasyon sa radyo o sa telebisyon.                              | c. iskrip                 |
| 4. Taong nakikinig sa isang programa ng isang istasyon ng radio ( <i>radio station</i> ).   | d. radyo                  |
| 5. Ito ay isang impormasyon o ulat tungkol sa mga pangyayaring naganap kamakailan lamang, nagaganap sa kasalukuyan, at magaganap pa lamang. | e. balita<br>f. teleradyo |



Kumusta ka na? Nakahanda ka na ba sa mga hamon ng bagong aralin? Nakasisiguro akong magugustuhan mo ang paksa na ating tatalakayin.

Nakasali ka na ba sa isang *Radio Broadcasting* sa inyong paaralan? May iskrip ba kayong binabasa? Paano isinusulat ang iskrip?

Ang mga gawain sa modyul na ito ay makatutulong nang malaki upang matutuhan mo ang paggawa ng iskrip sa *Radio Broadcasting* at Teleradyo gamit ang mga bagong natutuhang salita.

Maraming paraan ang gagawin kung paano magawa o maisulat ang isang iskrip. Gusto mong malaman? Pero bago ang lahat, gagawin mo muna ang sumusunod na gawain.

Handa ka na ba? Halina't simulan mo na!



## **Balikan**

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang sumusunod na pahayag. Lagyan ng ★ kung ito ay nararapat gawin ng isang *broadcaster* o tagapagbalita at ☺ kung hindi dapat gawin.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang isang tagapagbalita o *broadcaster* ay dapat may iskrip na gagawin sa isang programa sa radyo.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang tagapagbalita ay hindi na kailangang alamin ang tamang oras ng kaniyang programa sa radyo kung kailan siya magsisimula at magtatapos.
- \_\_\_\_\_ 3. Kapag ang isang salita ay binilugan sa iskrip ng tagapagbalita ito ay nangangahulugang hindi dapat basahin.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang mga itinatampok na balita at istorya ay dapat bago at makabuluhan para sa araw na iyon.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang tono ng pananalita ng isang *broadcaster* ay parang nakikipag-usap at dapat ay mahinahon.



## **Tuklasin**



Halina't basahin ang sumusunod na iskrip para sa radyo. Unawain mong mabuti kung papaano ito sinulat.



**Panuto:** Basahin mo ang iskrip na ito para sa radyo. Unawain mong mabuti kung papaano sinulat ito.

### **97.1 MSC FM**

*Local loud and Proud*

Pamagat ng Programa: **Radyo Balita Ngayon**

Uri ng Programa: Balita

Oras ng *Airing*: 11:30 a.m.-12:30 p.m.

*Hosts / Scripwriters*: Nasra S. Saez/Nash

1. *Station I.D.:* Msc Fm 97.1 Song
2. *Program I.D.* Radyo Balita ngayon Song
3. **Host 1:** Naririto naman po ang Radyo
4. balita ngayon upang maghatid ng mga
5. sariwa at maiinit na balita ngayong
6. tanghali.
7. **Host 1:** Nakalipat na ng tirahan ang
8. magkapatid na sina Farida at Faisal. Sila
9. ngayon ay pumapasok na sa isang
10. pampublikong paaralan na
11. matagpuan sa kanilang bagong
12. pamayanan.
13. Sa pakikipanayam sa kanila, sinabi ng
14. dalawa na nahihirapan sila ng mga
15. unang araw nila sa kanilang paaralan
16. dahil nga sa kakaiba ang kanilang
17. kasuotan sa mga mag-aaral sa paaralan
18. gayundin ang kanilang salita at
19. paniniwala. Noong una walang
20. gustong makipaglaro, makipag-usap
21. sa kanila. Isa pa, talo ang ibang mag-aaral sa
22. kanila dahil sa mga naririnig nilang
23. mga balita tungkol sa ginagawa ng
24. ibang mga muslim at ang mga
25. pangyayari sa lugar na kanilang
26. pinanggalingan. Ngunit matapos
27. nilang mapakingggan ang tungkol sa
28. kanilang paniniwalang *Islam* at kung
29. paano nila isinasabuhay ang mga
30. pangaral ni *Allah*, unti-unting
31. nagbago ng pakikitungo sa kanila ang
32. mga kaklase. Nag-umpisa
33. ang lahat sa paaralan, ngayon may
34. kasabay na sila sa paglalakad papunta
35. sa paaralan at pauwi sa kanilang
36. bagong tirahan. Muli na naming
37. pinatunayan na sa pamamagitan ng

38. edukasyon makakamtan natin ang
39. pagkakaisa kahit magkakaiba-iba tayo
40. paniniwala.
50. **Host 1:** Oras po natin, alas-onse
51. singkuwenta na po. Ang mga
52. balitang itinampok sa araw na ito ay mula sa
53. Radyo Balita Ngayon,
54. maaasahan at walang sinomang
55. kinikilingan. Muli magandang
56. tanghali.
57. *cut to:*
58. **insert cbb station I.D. Msc FM Song**

Binasa mo bang mabuti ang iskrip?  
 Naunawaan mo ba ito?  
 Ano ang iyong nadama pagkatapos mong  
 mabasa ang iskrip?  
 Paano ba ito sinulat? Magagawa mo ba ito?  
 Kaya mo ito?



## **Suriin**

Ang binasa mo kani-kanina lang ay isang **iskrip**. Ang **iskrip** para sa *broadcasting* o teleradyo ay isang manuskrito ng gagawin ng isang *announcer* o tagapagbalita sa isang programa o radyo, maging berbal man, o di berbal na kilos.

Ang **berbal na kilos** ay may kaugnayan sa pagkilos o sa pagsasalita. Samantalang ang **di berbal na kilos o aksiyon** ay nakatuon sa kilos o galaw ng katawan at mga bahagi nito. Halimbawa nito ay ang pagtango, pag-iling, tono ng boses, iba't ibang ekspresyon sa mukha (pagkunot ng noo, pagtaas ng kilay o mga kilay, at iba pa), pag-*thumbs-up*, at iba pang kilos ng katawan.

Ang **Iskrip** ay ang nagsasabi kung ano ang gagawin, ano ang sasabihin at kailan.

Ang **Radio Broadcasting** ay isang pamamaraan ng pagsahimpapawid ng mga impormasyon o balita sa pamamagitan ng paggamit ng *waves* sa pamamagitan ng paggamit ng radyo. Ang layunin nito ay ang pagpapalaganap ng impormasyon sa mas nakakaraming makikinig.

Ang **Teleradyo** naman ay tumutukoy sa isang **channel** ng isang istasyon ng radyo. Karaniwang naghahatid ito ng mahahalagang balita tungkol sa mga pang

araw-araw na kaganapan sa ating lipunan, at madalas ay may mga programa para sa publiko.

Sa binasa mong iskrip nalaman mo na may mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagsulat ng iskrip sa *radio broadcasting* o teleradyo.

1. Kailangan tama o eksakto sa oras ang iskrip
2. Ang kinakailangang diyologo ay maikli subalit akma o may wastong impormasyon upang maihatid sa mga nakikinig ang mensahe.

Nalaman mo rin na may mga hakbang na dapat isaalang-alang upang makapagsulat ng iskrip sa *radio broadcasting* o teleradyo.

Narito ang mga hakbang:

1. Gumamit ng maliit na titik sa pagsulat ng diyologo. Ito ay palatandaan sa diyologo ng iskrip ng programang panradyo.

|    |            |   |  |
|----|------------|---|--|
| 10 | <b>MSC</b> | : | <b>THEME INTRO UP &amp; OUT...BIZ BIRDS...</b> |
| 11 | PEDRO      | : | Yna, anak, pumunta ka ng Catarman.             |
| 12 | YNA        | : | Pupunta po ako ng Catarman? Bakit may          |
| 13 |            |   | problema po ba, Papa, ang negosyo              |
| 14 |            |   | natin doon?                                    |

2. Isulat sa malalaking titik ang musika, epektong pantunog, at emosyonal na reaksiyon ng mga tauhan upang mas madaling makita ng mga tagapagsalita kung anong uri ng musika o pantunog ang gagamitin kapag ito ay ginagawa na.

|    |            |   |   |
|----|------------|---|---|
| 11 | YNA        | : | (GULAT) Ano?! Bakit ibenenta ni Mama?       |
| 12 |            |   | E sasakyan ko iyon! Si Papa di ba inawat si |
| 13 |            |   | Mama?                                       |
| 14 | LINO       | : | (LAUGHS) Kailan ba umubra si Papa kay       |
| 15 |            |   | Mama? Kailan mob a nakitang nasunod         |
| 16 |            |   | si Papa? Di ba palagi namang si Mama        |
| 17 |            |   | ang nasusunod. Kaya sori ka na lang.        |
| 18 |            |   | Inday Yna!                                  |
| 19 | <b>MSC</b> | : | <b>BRIDGE...SFX...PIER HARBOR IN MANILA</b> |

3. Guhitan ang SFX (*Sound Effects*) at ang MSC (*Music*) para mas madaling makita ulit kung anong uri ng musika o *sound effects* ang gagamitin.

|    |            |   |  |
|----|------------|---|--|
| 10 | <b>MSC</b> | : | <b>THEME INTRO UP &amp; OUT...BIZ BIRDS...</b> |
| 11 | PEDRO      | : | Yna, anak, pumunta ka ng Catarman.             |
| 12 | YNA        | : | Pupunta po ako ng Catarman? Bakit may          |
| 13 |            |   | problema po ba, Papa, ang negosyo              |
| 14 |            |   | natin doon?                                    |

4. Hindi lamang ipinakikita ang paggamit ng musika at epektong pantunog kundi kailangan ding ipakita kung paano gagamitin ito. Kailangang bang naka-*fade under* ang musika habang nagsasalita ang tauhan o naka-*fade over*? Ito ang tinatawag natin na pagbaba at paglakas ng tunog o ang sinasabi nating *music* o *sound effects*.

|    |       |   |  |
|----|-------|---|--|
| 29 | PEDRO | : | <b>(FADES IN)</b> Ano ka na naman Juana, tigilan |
| 30 |       |   | mo ang anak mo. Huwag mo nang sermunan.          |
| 31 | JUANA | : | <b>(FADES IN)</b> O, ayan ka na naman! Magsama   |
| 32 |       |   | nga talaga kayong mag-ama, parehong matigas      |
| 33 |       |   | ang ulo!   |
| 34 |       |   | <b>BRIDGE</b>                                    |

5. Kailangan may dalawang espasyo (*double space*) pagkatapos ng bawat linya. Sa pamamagitan ng *double spacing* ay magiging madali para sa mga tauhan ang pagbasa ng iskrip upang maiwasan ang pagkakamali.

|    |            |   |  |              |
|----|------------|---|--|--------------|
| 10 | <b>MSC</b> | : | <b>THEME INTRO UP &amp; OUT...BIZ BIRDS...</b> | } <b>2.0</b> |
| 11 | PEDRO      | : | Yna, anak, pumunta ka ng Catarman.             |              |
| 12 | YNA        | : | Pupunta po ako ng Catarman? Bakit may          |              |
| 13 |            |   | problema po ba, Papa, ang negosyo              |              |
| 14 |            |   | natin doon?                                    |              |

6. Lagyan ng numero ang bawat linya. Ilagay ito sa kaliwang bahagi para maging madali ang pagwawasto kapag nagrerekording.

|    |       |   |  |
|----|-------|---|--|
| 10 | MSC   | : | <b>THEME INTRO UP &amp; OUT...BIZ BIRDS...</b> |
| 11 | PEDRO | : | Yna, anak, pumunta ka ng Catarman.             |
| 12 | YNA   | : | Pupunta po ako ng Catarman? Bakit may          |
| 13 |       |   | problema po ba, Papa, ang negosyo              |
| 14 |       |   | natin doon?                                    |

7. Ang mga emosyonal na reaksiyon o tagubilin ay kailangang isulat sa malalaking titik. Gagamitin lamang ang mga ito upang ipabatid kung paano sasabihin ang linya o diyologo ng mga tauhan. Ilagay ang mga ito sa loob ng *parenthesis* o panaklong at isulat sa malaking titik. Ang mga ito ay magsisilbing gabay o giya ng mga tagapagsalita upang magkaroon sila ng tamang emosyon o tamang reaksiyon doon sa mga linya o diyologo na kanilang babasahin.

|    |      |   |  |
|----|------|---|--|
| 11 | YNA  | : | (GULAT) Ano?! Bakit ibenenta ni Mama?          |
| 12 |      |   | E sasakyan ko iyon! Si Papa di ba inawat si    |
| 13 |      |   | Mama?  |
| 14 | LINO | : | (LAUGHS) Kailan ba umubra si Papa kay          |
| 15 |      |   | Mama? Kailan mo ba nakitang nasunod            |
| 16 |      |   | si Papa? Di ba palagi namang si Mama           |
| 17 |      |   | ang nasusunod. Kaya sori ka na lang.           |
| 18 |      |   | Inday Yna!                                     |
| 19 | MSC  | : | <b>BRIDGE...SFX...PIER HARBOR IN MANILA...</b> |

8. Gumamit ng terminong madaling maintindihan sa pagbibigay ng indikasyon kung sino ang nagsasalita at anong uri ng tinig ang maririnig. Madaling maintindihan ng tagapakinig at ng mga taong gagamit ng iskrip kung isusulat ang mga pangalan ng mga taong nagsasalita.

|    |            |   |  |
|----|------------|---|--|
| 10 | <b>MSC</b> | : | <b>THEME INTRO UP &amp; OUT...BIZ BIRDS...</b> |
| 11 | PEDRO      | : | Yna, anak, pumunta ka ng Catarman.             |
| 12 | YNA        | : | Pupunta po ako ng Catarman? Bakit may          |
| 13 |            |   | problema po ba, Papa, ang negosyo              |
| 14 |            |   | natin doon?                                    |

9. Maglagay ng tutuldok o kolon pagkatapos isulat ang pangalan ng tauhang magsasalita o pagkatapos isulat ang SFX o MSC. Sa pamamagitan ng mga kolon ay magiging organisado ang gagamiting iskrip.

|    |            |   |  |
|----|------------|---|--|
| 10 | <b>MSC</b> | : | <b>THEME INTRO UP &amp; OUT...BIZ BIRDS...</b> |
| 11 | PEDRO      | : | Yna, anak, pumunta ka ng Catarman.             |
| 12 | YNA        | : | Pupunta po ako ng Catarman? Bakit may          |
| 13 |            |   | problema po ba, Papa, ang negosyo              |
| 14 |            |   | natin doon?                                    |

10. Sa panibagong pahina ng iskrip, umpisahan ang paglalagay ng numero sa bawat bilang. Makikita sa lawaran ang unang pahina at ikalawang pahina na may numero sa kaliwang bahagi ng linya, mahalaga ito upang mapadali ang pagwawasto.

unang pahina

↓

iklawang pahina

↓

|   |   |   |
|---|---|---|
| 1 |   |   |
| 2 | 1 | JUANA: (GALIT) Ayan na nga ang sinasabi ko. Sobrang tigas |
| 3 | 2 | kasi ng ulo mo, babae                                     |
| 4 | 3 | PEDRO: (FADES IN) O, ano k aba naman Juana, tigilan mo    |
|   | 4 | na ang anak mo. Wag mo ng sermunan.                       |



Makikita ninyo ang mga halimbawa ng iskrip sa bawat hakbang ng mga nabanggit na mga tuntunin. Ang mga ito ay nakasunod sa pormat ng iskrip na tinalakay natin. Kapag ganito ang gagawin mong pormat ng iskrip tiyak na magiging mabisa at epektibo ang iskrip ng programang panradyo na gagawin mo.

Nakuha mo ba? Tandaan, ang iskrip na panteleradyo ay dapat husto sa oras. Ang mga diyalogo ay dapat maikli subalit akma o may wastong impormasyon upang maihatid sa mga nakikinig ang mensahe. At higit sa lahat, upang makagawa o makasulat ng isang wasto at maayos na iskrip na panteleradyo, dapat sundin ang ibinigay na mga hakbang sa paggawa o pagsulat nito.

Sa tingin mo ikaw ba ay marunong ng gumawa ng iskrip ng isang programang panradyo gamit ang pormat na pinag-aralan natin ngayon? Kung ganoon magaling!

Sa paggawa ng iskrip, maaari ring gumamit ng mga bagong salitang natutuhan. Ito ang mga salita ng taon, mga salitang bagong imbento, salitang bagong hiram mula sa katutubo, o banyagang wika, lumang salita ngunit may bagong kahulugan, o patay na salitang muling binuhay – gaya ng *Dengvaxia*, dilawan, *fake news*, *federalism*, *foodie*, *quo warranto*, resibo, tokhang, *train*, *troll*, huweteng, *lowbat*, *miss call*, *jejemon*, wangwang, *selfie*, lodi, at iba pa.

Maririnig natin ang ganitong mga usap-usapan: “Huwag kang makinig diyan, *fake news* iyan!”, “Kumitil ng maraming buhay ang *Dengvaxia*.”, “Sang-ayon ka ba sa paglilipat ng pamahalaan sa *federalism*?”, “Masyadong *lowbat* na ang katawan sa sobrang trabaho.” Ito ang karaniwang naririnig natin saan mang sulok ng ating bansa.

Dapat ba itong pairalin? Pero sa henerasyon natin ngayon, hindi maiiwasan ang pag-usbong ng ganitong mga salita. Maaaring may mabuti at may masamang epekto ang mga ito sa tao, lalong-lalo na sa mga may murang edad. Kung hindi maiiwasan, nasa midya na at edukasyon ang kontrol, kung kailan, saan, paano, at sino ang gagamit ng mga salitang ito.

Sa paggawa ng komposisyon, maaaring gumamit ang mga bata ng mga bagong salitang natutuhan kung ito ay tama, angkop sa temang kanyang sinusulat at hindi makasisira ng *moral* ng mga mambabasa. Ibig sabihin, ang guro na ang magbibigay ng pamantayan sa mga gagamiting salita sa komposisyon ng mga bata.






## Pagyamanin



Ngayong batid mo na ang mga impormasyon tungkol sa ating aralin, maaari mo nang sagutan ang sumusunod na gawain.

Tingnan ang mga larawan ng magagandang tanawin sa ating bansa.



*Orihinal na iginuhit ni: Jessil N. Nolasco, Division Illustrator*

**Panuto:** Pumili ng isang larawang gusto mo. Paano mo ipakikilala sa ibang tao ang inyong napiling magandang tanawin?

Gumawa ng iskrip at isulat ito sa isang kartolina. Ang iskrip ay kailangang nasa anyo ng mga pangungusap na nagtataglay ng mahahalagang impormasyon mula sa



napiling larawan tulad ng kasaysayan, lugar kung saan makikita ang kagandahan nito, at iba pa. Ibalita mo ito sa miyembro ng iyong pamilya na parang nagbabalita sa radyo.

**Rubrik sa Pagsulat ng Iskrip**

| Mga Pamantayan                                      | Napakahusay<br>5 | Mahusay<br>4 | Katamtamang Husay<br>3 | Hindi Gaanong Mahusay<br>2 | Nangangailangan pa ng Pagpapahusay<br>1 | K<br>A<br>B<br>U<br>A<br>N |
|---|------------------|--------------|------------------------|----------------------------|---|----------------------------|
| a. Pagkamalikhain                                   |                  |              |                        |                            |   |                            |
| b. Ayos ng pagkakasulat ng iskrip (Teknikalidad)    |                  |              |                        |                            |   |                            |
| c. Lalim/kabuluhan ng mga impormasyon (Impormatibo) |                  |              |                        |                            |   |                            |
| d. Daloy ng pagtalakay sa paksa (Organisasyon)      |                  |              |                        |                            |   |                            |
| e. Gamit ng wika (Gramatika)                        |                  |              |                        |                            |   |                            |

21 – 25 Napakahusay      16 – 20 Mahusay      11 – 15 Katamtamang Husay  
6 – 10 Hindi Mahusay      1 – 5 Nangangailangan pa ng Pagpapahusay



**Isaisip**



Mahusay ang ipinakita mong pagsagot sa mga gawain! Ngayon naman ay subukan mong gawin ito.

**A.** Punan ang sumusunod na talahanayan.

| Ano Ang Iyong Mga Natutuhan? | Gaano Ito Kahalaga? |
|------------------------------|---------------------|
|                              |                     |
|                              |                     |
|                              |                     |
|                              |                     |

**B. Kompletuhin ang sumusunod na pahayag.**

|  |
|--|
| Mahalagang matutuhan ang paggamit ng tamang oras at tamang mensahe sa <i>radio broadcasting</i> o teleradyo upang... |
| _____  |
| _____  |
| _____  |



***Isagawa***



Natutuwa ako kaibigan kasi malapit mo nang matapos ang mga gawain sa araling ito. At ako'y nasisiyahan dahil sa marami ka na rin natutuhan. Subukan mo pang gawin ang gawaing ito.

**Gawin mo**

**Panuto:** Ayusin nang sunod-sunod ang mga pangyayari sa ibaba upang makabuo ng isang magandang balita. Gawin ito sa sagutang papel.

Liga ng Basketbol

Nagsimula noong Linggo ang liga ng basketbol sa Palmera, *Phase I, II, III at IV.*

Sinimulan ang laro sa ganap na ika-3 ng hapon.

Isang paradang nilahukan ng lahat ng manlalaro ang nagbukas ng liga.

Panauhing pandangal ang alkalde ng lungsod.

Nanalo sa pagandahan ng uniporme ang Koponang Asit.

Masayang-masaya ang mga nanonood sa basketbol tuwing Sabado at Linggo ng gabi.

**Rubrik sa Pagsulat ng Balita**

|  | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|--|---|---|---|---|---|
| <b>NILALAMAN</b><br>➤ Sumasagot sa tanong na Ano, Sino, Kailan, Bakit at Paano     |   |   |   |   |   |
| <b>BALARILA</b><br>➤ Wastong gamit ng wika (balarila, baybay, bantas)              |   |   |   |   |   |
| <b>HIKAYAT</b><br>➤ Nagtataglay ng katangiang kawilihan, wasto, walang pinapanigan |   |   |   |   |   |

5 – Pinakamahusay

4 – Mahusay

3 – Katanggap-tanggap

2 – Mapaghuusay pa

1 – Nangangailangan pa ng mga pantulong na pagsasanay



## Tayahin



Binabati kita kaibigan sa iyong kagalingan sa pagsunod sa mga panuto sa lahat ng gawain. Upang lubos mong maunawaan ang ating aralin, gawin mo ang panapos na pagtataya.

**Panuto:** Gumawa ng iskrip ng pagbabalitang panradyo o teleradyo tungkol sa tamang paraan ng pag-aalaga ng katawan ngayong panahon ng pandemya.

Gumamit ng mga bagong natutuhang salita sa gagawin mong iskrip tulad ng sumusunod:

- **forever** – ibig sabihin habang buhay
- **beast mode** – malahalimaw na enerhiya na ipinamalas ng tao
- **ninja moves** – magaling, mabilis, madiskarte, at kalimita’y tahimik na pagkilos
- **lowbat** – pagod o wala ng lakas
- **miscol** – (*misssed call*) isang tawag na hindi natanggap ng tinawagan

Isulat ang iyong iskrip sa sagutang papel.

(Paalala: Dito ibabatay sa Rubrik sa Pagsulat ng Iskrip para sa *Broadcasting* ang iyong puntos para sa ginawa mong iskrip.)

**Rubrik sa Pagsulat ng Iskrip para sa Broadcasting o Balitang Panradyo**

|  | <b>5</b> | <b>4</b> | <b>3</b> | <b>2</b> | <b>1</b> |
|--|----------|----------|----------|----------|----------|
| Pagbuo at pagsulat nang malinaw at maayos na iskrip ng isang balitang panradyo |          |          |          |          |          |
| Pagsunod sa tamang pormat ng iskrip  |          |          |          |          |          |
| Pagsaliksik at paggamit ng iba't ibang sanggunian tungkol sa paksa             |          |          |          |          |          |
| Paggamit ng tamang gramatika at ng natutunang bagong mga salita                |          |          |          |          |          |

5- Pinakamahusay

2- Mapaghuhusay pa

4- Mahusay

1- Nangangailangan pa ng mga pantulong na

3 – Katanggap-tanggap

pagsasanay



## **Karagdagang Gawain**



Magaling! Mahusay ang ginawa mo kaibigan! Nagawa mo lahat ang mga gawain at naunawaan mo ang ating paksa! Ito na ang huling gawain para sa modyul na ito.

**Panuto:** Makinig sa radyo o telebisyon ng isang ulat tungkol sa kalagayan ng panahon. Magtala ng mga bagong salita na maririnig mo mismo sa ulat panahon, kung mayroon man, at kung papaano ginamit at ano ang kaukulang kahulugan nito sa konteksto ng balita. Isulat ang ulat sa inyong kuwaderno. Sundin ang sumusunod na hakbang:

1. Pakinggan ang balita.
2. Isulat ang pamagat, ang pangunahing ideya, o paksa sa unang pangungusap.
3. Sundan ito ng mga pangungusap na nagsasaad ng detalye; at,
4. Iwasto ang isinulat bago ipasa.



## **Susi sa Pagwawasto**

### **SUBUKIN (GAWAIN 1)**

1. Mike Enriquez
2. Noli De Castro
3. Gus Abelgas
4. Korina Sanchez
5. Kim Atienza

### **GAWAIN 2**

1. c
2. d
3. a
4. b
5. e

### **BALIKAN**

1. ★
2. ☾
3. ★
4. ★
5. ★

### **PAGYAMANIN**

Mag-iiba-iba ang sagot ng mga bata.

### **ISAISIP (GAWAIN A at B)**

Mag-iiba-iba ang sagot ng mga bata

### **ISAGAWA**

#### **Liga ng Basketbol**

Nagsimula noong Linggo ang liga ng basketbol sa Palmera, Phase I, II, III at IV. Sinimulan ang laro sa ganap na ika-3 ng hapon. Isang paradang nilahukan ng lahat ng manlalaro ang nagbukas ng liga. Panauhing pandangal ang alkalde ng lungsod. Nanalo sa pagandahan ng uniporme ang koponang Asit. Masayang-masaya ang mga nanood sa basketbol tuwing Sabado at Linggo.

### **TAYAHIN**

Mag-iiba-iba ang sagot ng mga bata.

### **KARAGDAGANG GAWAIN**

Iba -iba ang sagot ng mga bata depende sa kalagayan ng panahon.

## ***Sanggunian***

Agarrado, P.C., Francia, M.L., Guerrero, P.R. III, Gojo Cruz, J.R. (2016). *Alab Filipino*. Vibal Group, Inc.

Baisa, J.A., (2017). *Pinagymang pluma 8*. Phoenix Publishing House, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)